

**ANG**

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 17
Setyembre 7, 2007
www.philippinerevolution.org

Editorial

Palayain si Kasamang Jose Ma. Sison

Mariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pag-aresto ng pulisyang Dutch kay Kasamang Jose Maria Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP at Senior Political Consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).


Bastos na nireyd at hinalughog ng pulisyang Dutch noong Agosto 28 ang NDFP International Information Office sa Utrecht, The Netherlands at ang mga tahanan ng mga Sison at iba pang upisyal at istap ng NDFP *peace panel*, nang walang ipinakitang mandam-yento. Winasak ng pulisyang Dutch ang mga pintuan, sapilitang pinasok at sinamsam ang mga kompyuter, dokumento at personal na kagamitan sa nireyd na mga upisina at tahanan.

Hindi ikinakaila ng rehimeng Arroyo ang papel ni to sa likod ng pag-aresto kay Kasamang Sison. Buong-buo ang suportang lohistikal at pampulitika sa mga indibidwal na nagsampa ng kaso. Wala pa mang paglilitis, ipinahayag na ng mga upisyal ni Arroyo na hangad nilang parusahan ng kamatayan si Kasamang Sison.

Si Kasamang Sison ay idinadawit sa kaso ng pagkakapaslang kina Romulo Kintanar at Arturo Tabara noong 2003 at 2004, nang ang mga ito'y lumaban habang inaaresto ng mga tauhan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ayon sa atas ng hukumang bayan sa bansa. Walang batayan ang paratang na iniutos ni Kasamang Sison ang pagpaslang sa dalawa. Ang gayong akusasyon ay hindi papa-

sa sa anumang matinong korte. Dati nang isinampa ang mga kasong ito sa isang korte sa Pilipinas at ipinaloob sa kasong rebelyon, pero ibinasura ng husgado dahil sa kawalan ng batayan.

Mali at malisyoso ang pinalalabas na si Kasamang Sison ay tuwirang responsable sa mga kilos at aktibidad ng BHB. Ang mga Pulang mandirigma ay kumikilos nang naayon sa atas ng liderato ng PKP, kumand ng hukbong bayan at rebolusyonaryong gubyernong bayan na nakabase sa Pilipinas. Hindi ito isang "pribadong hukbo" ni Kasamang Sison, tulad ng nais palabasin ng reaksyunaryong estado.



Mga tampok sa isyung ito...

Protesta at suporta para kay Ka Joema

PAHINA 3

Baggao: Napanday sa hirap, sakripisyo at pakikibaka

PAHINA 5

Hello Garci 2

PAHINA 10

Nakipagkutsaba ang rehimeng Arroyo sa gubyrerno ng The Netherlands upang muling isampa ang mga gawa-gawang kaso na ito laban kay Kasamang Sison. Nais nilang bawiin ang kakakamit lamang niyang ligal at pampulitikang mga tagumpay laban sa panggigipit ng rehimen at European Union. Kamakailan lamang ay ibinasura ng Korte Suprema ang serye ng mga bulaan at malisyosong kasong isinampa laban sa kanya at marami pang iba. Noong isang buwan naman ay binatikos at pinawalambisa ng European Union Court of First Instance (ECFI) ang pagbilang ng European Commission kay Kasamang Sison sa talaan nito ng mga "terorista." Sinabi rin ng ECFI na nilabag ang kanyang mga karapatan, laluna ang kanyang karapatan para depensahan ang sarili.

Ang pag-aresto kay Kasamang Sison ay tanda ng papatinding mga ligal na maniobra, maruruming taktika at karahasan laban sa mga upisyal, tauhan at tagasuporta ng NDFP at rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa tangkang wasakin at pilitin itong yumuko sa mga dikta ng rehimeng US-Arroyo. Malaon nang gustong pwersahin ni Arroyo

ang NDFP na magdeklara ng di napapanahon at matagalang tigil-putusan kahit pa wala pang napagkakaisahang mga hakbangin upang lutasin ang mga batayang usaping nasa ugat ng armadong labanan.

Si Kasamang Sison ang pinakahuli lamang sa marami nang biktima ng mga pasistang atake ng rehimeng Arroyo laban sa mga konsultant at istap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan. Mula Hunyo 2006, dinukot sina Leo Velasco, Prudencio Calubid, Rogelio Calubad at Cesar Batralo, pawang mga konsultant ng NDFP na nakabase sa bansa, at ang kanilang mga istap at kasama. Lubusang binabalewala ng rehimen ang mga kasunduan sa pagitan nito at ng NDFP, mga pandaigdigang deklarasyon sa mga karapatang-tao at karapatang sibil, pati na ang mga internasyunal na kumbensyon at protokol hinggil sa sibilisadong kondukta ng digmaan.

Ang pag-aresto kay Kasamang Sison ay nagpapatampok sa nagpapatuloy na kampanya ng rehimen ng pagpatay, pagdukot at pandarahas sa mga aktibista sa ligal na larangan ng pakikibaka at iba pang masusugid na kritiko nito. Nagbabadya ang ibayo pang pandara-

has at panunupil sa ligal at hayag na demokratikong kilusan sa Pilipinas.

Lubos na papanagutin ng PKP at ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas ang rehimeng US-Arroyo at ang gubyrernong Dutch sa anumang pinsalang maaaring mangyari kay Kasamang Sison habang nasa kamay siya ng mga awtoridad na Dutch. Pinangangambahan ng kanyang mga tagasuporta ang posibleng ekstrahudisyal na pagpasa (*extraordinary rendition*) sa kanya sa US o ibang bansa, o ang sapolitang pagbabalik sa kanya sa Pilipinas para maging target ng mga naghihintay na berdugong *death squad* ng rehimeng Arroyo.

Nananaginip nang gising ang rehimeng Arroyo nang sabihin nitong ang pag-aresto kay Kasamang Sison ay magpapahina sa determinasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa at makapigipil sa patuloy na paglaki at pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas. Sa katunayan, ginagatungan lamang nila ang naglalagablab na galit ng mamamayang Pilipino sa naghaharagring brutal na rehimen.

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas na ipaglaban ang kagyat na pagpapalaya kay Kasamang Sison. Kailangang kumilos ang lahat upang mapangalagaan ang kanyang buhay at mga karapatan. Ang kanyang paglaya at kaligtasan ay nakaasa nang malaki sa masigla at tuluy-tuloy na mga kilos-protesta sa Pilipinas, sa The Netherlands at iba pang bansa.

Kaalinsabay nito, inaatasan ng PKP ang lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan na patuloy na pigtingin ang mga taktikal na opisiba sa buong bansa para makapagambag sa sama-samang pagsisikap ng mamamayang Pilipino na tapusin na ang papet, bulok at malupit na rehimeng Arroyo at ibayong maisulong ang digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas. **AB**

<div data-bbox="142 1304 475 1402" data-label="Image"> </div> <p data-bbox="115 1404 513 1432">Taon XXXVIII Blg. 17 Setyembre 7, 2007</p> <p data-bbox="120 1453 498 1537">Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p data-bbox="120 1539 498 1623">Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:</p> <p data-bbox="175 1625 453 1652">www.philippinerevolution.org</p> <p data-bbox="120 1654 498 1881">Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com</p>	<h2 data-bbox="557 1310 745 1346">Nilalaman</h2> <table data-bbox="557 1367 1008 1881"> <tr> <td>Editoryal</td><td>1</td></tr> <tr> <td>Protesta at suporta para kay Ka Joema</td><td>3</td></tr> <tr> <td>Mga pulis, nalansi ng BHB sa Davao Oriental</td><td>4</td></tr> <tr> <td>Baggao: Napanday sa matinding hirap, sakripisyo at pakikibaka</td><td>5</td></tr> <tr> <td>Matatagumpay na armadong aksyon ng BHB sa Isabela at Quirino</td><td>7</td></tr> <tr> <td>Apat na magsasaka, dinukot; mga bata, tinortyur</td><td>8</td></tr> <tr> <td>Araw ng mga desaparecido</td><td>9</td></tr> <tr> <td>Hello Garci 2</td><td>10</td></tr> <tr> <td>Kontratang "broadband"</td><td>10</td></tr> <tr> <td>Parangal kay Makoto Oda</td><td>11</td></tr> <tr> <td>Balita</td><td>12</td></tr> </table>	Editoryal	1	Protesta at suporta para kay Ka Joema	3	Mga pulis, nalansi ng BHB sa Davao Oriental	4	Baggao: Napanday sa matinding hirap, sakripisyo at pakikibaka	5	Matatagumpay na armadong aksyon ng BHB sa Isabela at Quirino	7	Apat na magsasaka, dinukot; mga bata, tinortyur	8	Araw ng mga desaparecido	9	Hello Garci 2	10	Kontratang "broadband"	10	Parangal kay Makoto Oda	11	Balita	12
Editoryal	1																						
Protesta at suporta para kay Ka Joema	3																						
Mga pulis, nalansi ng BHB sa Davao Oriental	4																						
Baggao: Napanday sa matinding hirap, sakripisyo at pakikibaka	5																						
Matatagumpay na armadong aksyon ng BHB sa Isabela at Quirino	7																						
Apat na magsasaka, dinukot; mga bata, tinortyur	8																						
Araw ng mga desaparecido	9																						
Hello Garci 2	10																						
Kontratang "broadband"	10																						
Parangal kay Makoto Oda	11																						
Balita	12																						
<p data-bbox="261 1896 870 1953">Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>																							

Protesta at suporta para kay Ka Joema

Palayain si Ka Joema! Ito ang nagkakaisang sigaw ng iba't ibang mga grupo at kilalang personalidad sa loob at labas ng bansa matapos na arestuhin at ikulong si Kasamang Jose Ma. Sison sa The Netherlands.

Isa siyang "malumanay na tao at lider na inspirasyon sa marami," pahayag ng bantog na si Atty. Ramsey Clark, dating Attorney General ng US at kilalang internasyunal na abugado para sa karapatang-tao. Nag-alok si Clark ng kanyang serbisyo at ipinahayag ang kanyang kahandaang maging bahagi ng internasyunal na panel ng mga abugadong magtatanggol kay Ka Joema, na tagapangulo rin ng International League of Peoples Struggle (ILPS).

Bago ito, isinampa ng mga kinatawan ng Bayan Muna na sina Satur Ocampo at Teodoro Casiño ang House Resolution No. 197 sa Kongreso na humihiling na imbestigahan ang pag-aresto kay Sison. Nagpahayag sila ng pagkabahala na ang pagkukulong kay Sison ay magreresulta sa ganap na pagbagsak ng usapang pangkapayapaan.

Hiniling din ni Sen. Loren Legarda sa rehimeng Arroyo na tiyaking hindi malalabag ng gubyrnong Dutch ang mga karapatang-tao at karapatang sibil ni Ka Joema. Gayundin ang panawagan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Inilunsad ang sunud-sunod na mga demonstrasyon sa Amsterdam at sa The Hague, kabisera ng The Netherlands, mula nang arestuhin at ikulong ng pulisyang Dutch si Ka Joema. Noong Agosto 30 at 31, may 100 tagasuportang nagpiket sa labas ng korte kung saan dinidinig ang kaso ni Ka Joema. Pina-ngunahan sila nina Ka Julie Sison, asawa ni Ka Joema, at Ka Luis Ja-

landoni, pinuno ng *negotiating panel* ng NDFP.

Lumahok din sa demonstrasyon ang ILPS sa The Netherlands at mga kinatawan ng Dutch-Philippines Solidarity (NFS), partidong NCPN, Rode Morgen, International Committee Against Disappearances (ICAD), International Committee Defend, Solidarity Indonesia, Solidarity Bangladesh at Solidarity Turkey at maraming Pilipinong naninirahan sa The Netherlands. Naging tampok na balita sa mga lokal na pahayagan ang mga kilos protesta roon.

May mga kilos-protesta ring inilunsad sa harap ng mga embahada at konsulado ng The Netherlands sa Pilipinas, Belgium, Canada (Toronto, Montreal at Vancouver), South Korea, Taiwan, Hong Kong, India, Indonesia at Australia. Sa US (Los Angeles, New York at Washington D.C.), sumama sa mga kilos protesta ng Bayan-USA ang International Action Center, ANSWER Coalition, Revolutionary Communist Party USA, Freedom Road Socialist Organization, Center for Constitutional Rights, Troops Out Now Coalition, Students for a Democratic Society, Pakistan-USA Freedom Forum, Al-Awda, Committee Against Anti-Asian Violence (CAA-AV), Revolution Books at Veterans for Peace. Binatikos din ng National Lawyers Guild sa US ang "walang batayang" mga akusasyon at nilutong mga "evidensya" laban kay Ka Joema at nanawagan sa mamamayang ng US na makiisa sa pagtutol sa paglapastangan ng katarungan sa kaso ni Ka Joema. Bumuhos din sa mga embahada at konsulado ng The Netherlands sa iba't ibang bansa ang mga sulat, email at fax ng mga protesta at


kahilingan ng pagrespeto sa mga karapatan ni Ka Joema.

Gawa-gawang kaso

Kaliwa't kanang batikos ang inabot ng gubyrno ng The Netherlands sa pagsasampa ng mga kaso laban kay Ka Joema na dating ibinasura na ng Korte Suprema sa Pilipinas. Inaakusahan si Ka Joema ng "*inciting to murder*" o pag-uutos umano ng pagpatay kina Romulo Kintanar noong 2003 at Arturo Tabara noong 2004. Ang dalawa ay kapwa namatay sa pakikipagsagupa sa mga tim ng BHB na inatasan ng hukumang bayan sa Pilipinas para sila'y arestuhin at paharapin sa mga nakasampa noong kasong kriminal.

Inaamin ng mga upisyal ni Arroyo na sila ang nasa likod ng pagsasampa ng mga byudang sina Gloria Kintanar at Veronica Tabara ng kaso laban kay Ka Joema sa The Netherlands. Ayon sa Philippine National Police, sila mismo ang naghanda ng ebidensya na gagamitin sa kaso. Sagot ng gubyrnong Arroyo ang mga nagastos at gagastusin pa nina Gloria Kintanar at Veronica Tabara sa pagpunta sa The Netherlands at pagtetestigo roon.

Ang mga kasong ito ay kabilang sa mga kasong sinaklaw ng isang kasong rebel-yong ibinasura ng Makati Re-



gional Trial Court noong Hulyo 11 sa utos ng Korte Suprema ng Pilipinas, kaya hindi na ito maaaring buhaying muli. Paglapastangan sa kapasyahan at aksyon ng mga korte sa Pilipinas, sa gayon, ang muling pagbubuhay ng kaso sa The Netherlands.

Bukod sa pagkwestyon sa gawa-gawang kaso laban kay Ka Joema, kinukwestyon din ng mga abogado ni Ka Joema ang awtoridad ng The Netherlands na litisin si Ka Joema sa isang kaso na naganap sa Pilipinas. Iginigiit din nila ang pagrespeto sa mga karapatan ni Ka Joema at pagbabalik ng mga *computer*, dokumento at iba pang kasangkapan na kinumpisika sa tirahan niya, tanggapan ng NDFP International Office at mga istap ng NDFP sa The Netherlands.

Parang nakakulong sa Guantanamo

Malupit ang pagtrato kay Ka Joema sa kanyang pagkakakulong sa Scheveningen Penitentiary sa The Hague. Inihambing ng kanyang mga abogado ang pagtrato kay Ka Joema sa mga "ekstrahudisyal" na pang-aabuso ng US sa tinatagurian nitong mga "teroristang" nakakulong sa piitang itinayo ng US sa loob ng Guantanamo Bay Naval Base.

Inilagay na si Ka Joema sa *solitary* at katayuang *incommunicado* o walang ugnay sa labas ng piitan. Ito ay kahit pagpapasyahan pa lamang kung may batayang ituloy ang paglilitis sa kanya. Bukod sa hindi pinahihintulutan si Ka Joema na magbasa ng dyaryo, manood ng telebisyon o makinig sa radyo, pinagbabawalan din siyang mabisita ng kanyang asawa, madalhan ng kinakailangang gamot para sa kanyang sakit sa puso at tubig sa baga at mabigyan ng pamalit na damit. Limitado lamang sa isang oras sa isang araw ang konsultasyon nila ng abogado niyang si Michel Pestman.




Mga pulis, nalansi ng BHB sa Davao Oriental

Napaglalangan na naman ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga Armadong galamay ng rehimeng US-Arroyo nang salakayin nito ang San Isidro Municipal Police Station sa Davao Oriental noong Agosto 22. Walang putok na nagapi ng BHB ang istasyon kung saan nasamsam ang 14 na armas at mga bala.

Umaga ng araw na iyon, dumating sa himpilan ang dalawang na-kaunipormeng militar sakay sa isang *van*. Dala-dala nila ang dalawa kataong sumuko umano sa kanila. Ngunit nang makapasok na sa upisina ng PNP ay tinutukan nila ng mga pistola ang mga nabiglang pulis at sinamsam ang mga baril sa kanilang armori.

Kasabay ng pagsalakay sa munisipyo ay kinumpiska rin ang mga sandata ng mga bantay ng kalapit na SODACO Agricultural Corporation. Sa kabuuan, 16 ang nakumpiskang mga armas na kinabibilangan ng 11 ripleng M16, dalawang kal. 45 pistola, isang pistolang 9 mm at dalawang *shotgun*.



Iniharap si Ka Joema sa korte noong Agosto 31 kung saan nagpasya ang huwes na ibimbin pa siya nang karagdagang 14 na araw. Muli siyang ihaharap sa korte sa Setyembre 7 at doon pagpapasyahan kung siya ay palalayain o ikukulong pa nang 90 araw bago ang pormal na paglilitis sa kinakaharap na mga kasong kriminal.

Malinaw, ayon kay Atty. Romeo Capulong, abogado ng NDFP *peace*

panel at isa rin sa mga abogado ni Ka Joema, na mga paglabag ito sa kanyang mga karapatan sa ilalim ng internasyunal na batas. Sa katunayan, aniya, dapat igawad kay Ka Joema ang mga karapatan bilang "*prisoner of conscience*" (bilanggo dahil sa pampulitikang paninindigan). Ani Capulong, si Ka Joema ay isang tunay na rebolusyonaryo at di nararapat na tratuhing terorista.

Baggao: Napanday sa matinding hrap, sakripisyo at pakikibaka

(Napanday sa mahabang kasaysayan ng pakikibaka ang mamamayan ng Baggao sa prubinsya ng Cagayan. Di sila natinag sa kabila ng tuluy-tuloy na malupit na pananalasa ng militar. Paulit-ulit silang tumitindig at lumalaban para kamtin ang hustisya at mga tagumpay sa pakikibaka. Pinatunayan nila ito ngayon sa harap ng ibayong konsentrasyon ng atake sa kanila ng kaaway. Isinasalaysay sa artikulong ito ang kapugay-pugay na kasaysayan ng kasigasigan, dedikasyon at tapang sa pakikibaka ng mamamayan ng Baggao. Halaw ito sa isang editoryal ng Baringkuas, ang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Cagayan Valley.)

Pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang malalawak na lupain sa mga bayan ng Alcala, Amulong at Ilocos na iniwanan ng malalaking asendero noong gera ay ibinalik sa kanila ng papet na gubyrno. Libu-libong magsasaka na noo'y nakapwesto sa nasabing mga lupa ang pinalayas ng mga asendero. Napilitan ang mga magsasaka na magbukas ng mga bagong prontera at maghawan ng masasakang lupa sa paanan ng Sierra Madre. Bitbit lamang ang kanilang mga binhi ng palay, ilang kagamitan at ilang kasuotan, binagtas nila ang ilog Pared hanggang marating ang ngayo'y bayan ng Baggao. Sa pagsisikap at tiyaga, binungkal at pinayaman nila ang lupa roon.

Noong 1957, ginamit ng reaksyunaryong gubyrno at malalaking panginoong maylupa ang *cadastral survey* (surbey ng lawak, hangganan, halaga at pag-aari ng mga lupain) upang makapagtukoy ng ma-aari pa nilang makamkam na di tituladong mga lupain. Nasaklaw ng sarbey na ito ang Baggao. Kaagad-agad, pinatituluhan ng tatlong malaking panginoong maylupa—ang mga pamilyang Palla-gao,

Ramirez at Caculitan—ang mga lupaing mahigit isang dekada nang binubungkal ng mga magsasaka.

Gamit ang dahas at paninindak, nagsimula silang maningil ng upa sa lupa pagkatapos nito. Ultimong mga kawayan at yantok mula sa gubat at mga yamang ilog ay kanilang inari. Marami sa kababaihan ang ginahasa at inangking parang laruan ng malalaking panginoong maylupa.


Kaya naman pagsapit ng 1970, nang marating ng Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang lugar, mainit na tinanggap ng mga magsasaka ang mga kasama at Pulang mandirigma. Kaagad nilang naintindihan at kinatigan ang mga ipinaglalaban ng rebolusyon.

Mabilis na nabuo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa na sumaklaw sa buu-buong

mga baryo. Itinatag ang mga lokal na sangay ng Partido mula sa mauunlad na aktibista at sumapi sa hukbong bayan ang pinakamahuhusay na mga anak ng mga magsasaka. Nagsilbing mahusay na inspirasyon ang mga rebolusyonaryong pagsulong sa Baggao at naghudyat ito ng paglaganap ng rebolusyonaryong kilusan sa mas malawak na bahagi ng prubinsya ng Cagayan.

Noong 1977, iniharap ng mga magsasaka ng Baggao sa hukumang bayan ang kaso ng pang-aabuso, panggigipit at pagpapahirap sa kanila ng malaking panginoong maylupang si Sebio Caculitan, ang noo'y pinakadespotiko sa mga panginoong maylupa sa lugar. Napatunayan ng hukuman ang maraming mabibigat na krimen ni Caculitan sa mamamayan at iginawad sa kanya ang kaparusahan. Pagkatapos nito, lumisan sa Baggao ang mga pamilya ng malalaking panginoong maylupa. Ang mga inabandonang lupa ay libreng ipinamahagi ng Partido sa mga dating tenants at ang mga naiwang hayop ay ibinigay sa mga magsasakang walang hayop na pantrabaho.

Ngunit hindi basta-bastang isinuko ng naghaharing uri ang kanilang mga interes. Idineploy sa lugar ang 21st IB ng Philippine Army na naghasik ng kalupitan sa mamamayan. Malawakan ang ilegal na pang-aaresto at pagkulong, pambubugbog, pangunguryente



at iba pang matitinding pang-aabusos. Marami rin ang sinalbeyds, pinugutan at sinunog ang mga bangkay.

Sa harap ng tindi ng pang-aabusos, lumikas sa kanilang mga tahanan ang maraming kalalakihan. Ilan sa kanila ay napilitang manggubat. Marami ang nagpatuloy ng pag-oorganisa sa ibang lugar at ang iba sa kanila'y sumapi na sa hukbong bayan. Pinasan ng kababaihan ang lahat ng trabaho sa pagsasaka para mabuhay ang mga pamilya nila. Dahil mga babae na lamang ang nadatnan sa baryo ng mga sundalo, sila ang pinilit na maggiya sa mga operasyon. Nang may gahasaing babae ang mga sundalo, tumungo na rin sa gubat ang ilan habang marami rin ang sumapi sa hukbong bayan.

Dahil sa lahat ng ito, matapang na lumaban ang taumbaryo. Gina-awa nila ang lahat upang mapalaya ang mga nakakulong at palayasin ang mga sundalo. Noong 1979, nagsampa sila ng kaso sa reaksyunaryong korte laban sa hepe ng 21st IB na si Lt. Col. Antonio Palafox. Naglunsad sila ng mga kilos-protesta na umabot hanggang Tuguegarao, kabisera ng prubinsya. Makasaysayang tagumpay ang nakamit nilang pagpapalaya sa lahat ng mga nakakulong nilang kababaryo at pagpapalayas sa 21st IB mula sa Baggao.

Malaki ang pangamba ng noo'y Defense Minister Juan Ponce Enrile na kumalat ang apoy ng paglaban ng mga taga-Baggao sa buong prubinsya ng Cagayan. Si Enrile ang pinakamalaki noong burukrata kapitalistang taga-Cagayan. Sakop ng operasyon ng kanyang pinakamalalaking *commercial logging* sa Cagayan ang Baggao. Kaya ipinadala niya roon ang isa sa pinakamalulupit na berdugo ng diktadurang Marcos—si Maj. Rodolfo Aguinaldo.

Naging tatak ni Aguinaldo ang matitindi at laganap na karahasan

at paglabag sa karapatang-tao hindi lamang sa Baggao kundi sa buong Cagayan Valley. Makailang ulit na idineklarang "*no man's land*" ang mga baryo sa Baggao at kala-pit na bayan ng Gattaran, laluna noong panahon ng Oplan Katatagan (1983-84). Nagbanta si Aguinaldo na sinumang tagaroon na maaabutan nilang buhay ay papatayin. Malawakan ang mga pagdukot, pang-aaresto at pagpatay. Pinagsusunog at pinagwawasak ang mga bahay, kasangkapan at pananim, pinagpapatay ang mga alagang hayop, pinaghahakot ang mga nakaimbak na bigas at pagkain ng masa. Muling napilitang lumikas ang maraming residente mula sa mga lugar na ito. Ang ilan ay napunta sa malalayong baryo at may mga napadpad pa sa mga kabayanan at kalunsuran.

Ngunit hindi pa rin nawala ang higpit ng tiwala at pagkatig sa Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan na malalim na nakaugat na sa diwa ng mga tagaroon. Karamihan ay nagpatuloy sa pagkilos at pag-oorganisa saanman sila mapunta at maraming sumapi sa hukbong bayan sa iba't ibang lugar. Ang mga aktibistang naiwan sa Baggao ay patuloy na umugnay sa kilusang masa sa mga syudad at sentrong bayan at lumahok sa mga rali, *fact-finding mission* at iba pang pagkilos.

Di rin lubusang nasagot ang mga saligang problema ng mamamayan makaraan ang pagpapataksik kay Marcos noong 1986. Katulad sa iba pang lugar, kunwa'y sinaklaw ng *bogus* na programa ng reporma sa lupa ng rehimeng Aquino ang mga pag-aari ng mga panginoong maylupa sa Baggao. Maraming magsasaka ang nalinlang ng Department of Agrarian Reform at nakapagsimula nang magbayad ng amortisasyon sa lupang diumano'y mapapasakanila. Ngunit sa halip na mapasakanila ang mga lupain, ang



aktwal na nangyari'y bumalik lamang doon ang mga panginoong maylupa at muling naningil ng upa sa lupa sa mga magsasakang muli nilang ginawang tenants. Noong 2001, ang mga magsasaka sa mga lupaing inaangkin ng mga Pallagao at Ramirez ay nagpasyang tumigil na sa pagbayad ng upa sa lupa. Kalinsabay, lumaganap din ang kampanya sa hakbang-hakbang na pagpapawi ng usura at pagpapataas ng presyo ng mga produkto ng mga magsasaka.

Tinangka ng kaaway na hadlangan ang panibagong pagsigla ng kilusang magsasaka sa lugar. Ipina-kat ang mga Reengineered Special Operations Team (RSOT) ng AFP noong 2003 sa mga baryo ng Carrupian, Bunugan at Baguno. Sunud-sunod na naman ang mga kaso ng pandarahas, pang-aabusos at pananakot ng militar sa mga magsasaka. Gayunpaman, hindi nila nagawang lupigin ang mamamayan doon. Nagpatuloy na makibaka ang mga magsasaka ng Baggao pagkalis ang RSOT. Naipagtagumpay nila ang pagpapababa ng interes sa pautang ng mga komersyante. Matagumpay din nilang napapayag ang mga komersyante na kanselahin ang mga utang na di na mabayaran ng mga magsasaka dulot ng matitindi at malawakang pinsalang dala ng sunud-sunod na mga bagyo.

Inspirasyon ng mga taga-Cagayan Valley ang kasiglahan at ta-



gumpay ng pagkilos sa Baggao. Alun-along lumalaganap ang matatagumpay na pakikibakang magsasaka sa buong rehiyon.

Humaharap ang mamamayan ng Baggao sa mas matinding pagsubok.

Ang sakunang dala ng bagyong tumama sa lugar noong 2005 ay sinabayan ng mas mapaminsalang sakunang dulot ng Oplan Bantay Laya ng rehimeng US-Arroyo. Sa ilalim ng OBL2, ginawang *priority area* ng 5th ID sa kabuuan ng Cagayan Valley ang Baggao. Pinupuntirya ng militar ang Caguimongan, isang organisasyong masa ng mga magsasakang Cagayanon. Ilang ulit na sinalakay hanggang tuluyang pasabugin noong Hulyo 2006 ang pinataktakbo nitong istasyon ng radyo—ang Radyo Caguimongan sa poblasyon ng Baggao.

Hindi na lamang mga karaniwang operasyong militar tulad ng dati ang inilulunsad ngayon ng mga pasistang tropa sa lugar. Gumagala ang mga *death squad* ng pasistang militar na nakapatay na ng maraming lider at aktibistang masa sa lugar.

Itinambak sa maliit na tipak ng Carrupian, Bunugan at Baguno ang 17th IB, 51st at 53rd Reconnaissance Company, ang 49th Scout Ranger Forces Company at ang Bravo at Charlie Company ng 21st IB. Nito lamang Enero, idineklara na namang "*no man's land*" ang ilang bahagi ng Carrupian. Tinotoo ng militar ang banta nilang "*shoot-to-kill*" nang pagbabarilin nila ang apat na dalagitang estudyanteng pumunta lamang sa kanilang eskwelahan. Walang pakundangan na naman ang mga panununog, pagpapalikas ng masa at iba pang paglabag sa karapatang-tao. Karahasan, teror, kapinsalaan at gutom ang umiiral ngayon sa Baggao.

Ngunit tulad ng dati, hindi nagpapatalo ang mamamayan ng Baggao. Nananatiling mataas ang kanilang panlabang diwa. Sa kabila ng walang habas na karahasan at pananalasa sa mamamayan at ibayong hirap sa paglaban na dulot ng OBL, nakatayo pa rin sila at nananatiling determinado sa patuloy na paglaban upang biguin at gapiin ang kaaway. **AB**

ANG BAYAN Setyembre 7, 2007

Matatagumpay na armadong aksyon ng BHB sa Isabela at Quirino

(Ang sumusunod ay ulat ng mga labanan sa Cagayan Valley mula noong Abril na hindi pa nailalathala sa Ang Bayan.)



Kabilang sa mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilus-

san sa Cagayan Valley ang ilang aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Isabela at Quirino noong nakaraang Abril. Nangyari ang mga labanan sa gitna ng operasyon ng mga sundalo sa panahon ng eleksyon upang matiyak ang pagkapanalo ni Benjamin Dy bilang gobernador ng Isabela, at ng mag-amang Cua sa prubinsya ng Quirino. Nangampanya rin ang mga sundalo laban sa mga progresibong kandidato at mga progresibong *party-list*.

Labintatlong tropa ng 54th IB at 52nd Recon Coy ang namatay sa tatlong labanan sa loob ng dalawang linggo noong Abril sa mga prubinsya ng Isabela at Quirino.

Nakaengkwestro ng mga Pulang mandirigma ng Venerando Villacillo Command ng Bagong Hukbong Bayan (VVC-BHB) ang tropa ng 54th IB na pinamumunuan ni 2Lt. Joedin Ulnagan sa Sityo Salay, Barangay Sto. Niño, Maddela, Quirino noong Abril 13. Agad na namatay ang pitong sundalo sa 20-minutong labanang nagsimula bandang alas-6:30 ng umaga. Isa pang sundalo ang namatay sa ospital.

Apat pang sundalo ang namatay noong Abril 25 sa magkasunod na labanan sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng VVC-BHB at ng magkasanib na tropa ng 54th IB at 52nd Recon Coy. Nakaengkwestro ng mga sundalo ang mga Pulang gerilya ganap na alas-6:30 ng umaga sa Barangay Palacian, San Agustin, Isabela. Agad na nakapagpaputok ang mga kasama at dalawang sundalo ang namatay.

Makaraan ang walong oras, namataan ng mga nakaabang na Pulang mandirigma sa Barangay Salay, San Agustin ang mga tropang tumutugis sa kanila. Pinaputukan nila ang mga sundalo at agad na namatay ang dalawa sa tropa ng 52nd Recon Coy. Walang anumang kaswalti sa panig ng BHB.

Matapos ang natamong pinsala ng 54th IB at ng "pambirang yunit" na 52nd Recon Coy, nagpakalat ng kasinungalingan si Capt. George Domingo ng 502nd Bde na wala raw pinsala sa panig ng AFP at maraming namatay sa panig ng BHB. Nagnakaw pa raw ng kalabaw ang mga kasama mula sa lugar ng labanan sa Maddela.

Subalit batid ng mamamayan ang katotohanan. Mainit nilang ipinagbunyi ang mga tagumpay ng mga Pulang mandirigma. **AB**



Apat na magsasaka, dinukot; mga bata, tinortyur

Apat na magsasaka ang dinukot ng mga elemento ng 29th IB sa Barangay Almacen, Unisan, Quezon noong Agosto 29. Iniulat ng Karapatan-Southern Tagalog na kasalukuyang hawak ng militar sina Rodel Orlinda, Dondon Garcia, isang nagngangalang Jovan at ang kanyang ina.

Pinagbibintangan ng militar na sumapi sa rebolusyonaryong kilusan ang apat na magsasaka subalit anim na araw na silang nakabimbin ay wala pang kasong isinasampa laban sa kanila. Ayon kay Doris Cuario, pangkalahatang kalihim ng Karapatan-ST, hindi pinapayagan ng militar na makausap ng kanilang mga kamag-anak ang mga biktima.

Mga bata, pinahirapan

Walong bata na may edad apat hanggang 16 taong gulang ang tinortyur ng mga myembro ng Joint Special Operations Force noong Agosto 19 sa Indanan, Sulu.

Ayon kay Temojen Tulawie ng Consortium of Bangsamoro Civil Society (CBCC), inaresto ng AFP ang mga bata kasama ang kanilang mga magulang at pinalalabas na sila ay mga myembro at tagasuporta ng Abu Sayyaf. Dinala sila sa Camp Teodulo Bautista, kampo ng Task Force Comet, 104th Army Brigade at Joint Special Operations Force sa Jolo.

Tinutukan ng patalim ang mga bata habang iniinteroga ng mga nakabonnet na sundalo. Pinipilit silang pagbintangan ang kanilang mga magulang na mga myem-

bro ng Abu Sayyaf at pinagsabihang maghukay na ng kanilang libingan. Isang 13 taong gulang na batang babae ang naging saksi sa tortyur na dinaanan ng kanyang ama.

Sa pinakahuling ulat, pinalaya na ng AFP ang mga bata ngunit nakabimbin pa ang kanilang mga magulang.

Magkapatid na Manalo, binigyang-proteksyon ng Korte Suprema

Dalawang magsasakang nakatakas matapos dukutin, pahirapan at ibimbin ng militar ang binigyang-proteksyon ng Korte Suprema. Sa kautusang ipinalabas noong Agosto 24, pinagbawalan ng Korte Suprema ang militar, pulisya at iba pang pwersang panseguridad ng rehimeng Arroyo na arestuhin at gipitin ang magkapatid na Raymond at Reynaldo Manalo.

Dinukot ng mga elemento ng CAFGU ang magkapatid sa Barangay Buhol na Manga, San Ildefonso, Bulacan noong Pebrero 14, 2006. Mahigit isang taon silang itinago sa iba't ibang *safehouse* at kampo militar sa Luzon.

Nagsampa ng *writ of habeas corpus* ang kanilang pamilya para maipalitaw sila. Ngunit tinakot ni Maj. Gen. Jovito Palparan, Jr. na noo'y hepe ng 7th ID ang pamilya at pinigilan silang dumalo sa mga pagdinig ng Court of Appeals (CA) hinggil sa kanilang petisyon.


Ang magkapatid na Manalo ay kinatawan ng kanilang mga abugadong kabilang sa Free Legal Assistance Group (Flag) na sina Jose Manuel Diokno, Theodore Te at Ricardo Sunga.

Matinding tortyur. Isinalaysay ng magkapatid ang matinding tortyur na dinanas nila sa kamay ng militar. May mga pagkakataong pinaliguan sila ng kanilang ihi, binuhusan ng tubig ang kanilang ilong at pinagpapalo ng isang kadenang may alambreng-tinik sa dulo. Pinakain sila ng bulok na pagkain.

Binantaan silang papatayin ang kanilang mga kamag-anak kapag sila'y tumakas at magsumbong hinggil sa kanilang naranasan. Nakatakas lamang sila mula sa isang *safehouse* sa Pangasinan noong Agosto 13 nang malasing ang kanilang mga bantay.

Isinalaysay din ni Raymond na nakausap niya ang dinukot na mga estudyante ng University of the Philippines na sina Sherlyn Cadapan at Karen Empeño nang dalhin sila sa Camp

Tecson, San Miguel, Bulacan; sa Fort Magsaysay, Palayan City, Nueva Ecija; at sa isa pang kampo mi-





litar sa Limay, Bataan. Nasaksihan nila ang pambubugbog na ginawa ng militar kay Manuel Merino at kung papaano siya dinala palabas upang patayin. Napag-alaman nila na sinunog ng militar ang bangkay ni Merino.

Gawa-gawang kwento tungkol kay Burgos, mariing kinundena

Mariing kinundena ng PKP ang pinakahuling kasinungalingan ng militar kaugnay sa pagdukot kay Jonas Burgos, aktibistang anak ng anti-Marcos na peryodistang si Joe Burgos.

Iniharap sa midya ng mga upisyal ng pulisya noong Agosto 28 si Emerito Lipio, dating *provincial coordinator* ng Pinag-isang Samahan

ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) na mahigit isang taon nang nawawala. Pinalalabas ng PNP na si Lipio ay isang operatiba ng BHB na sangkot sa pagdukot kay Jonas noong Abril 28 sa Quezon City.

Kabilang si Lipio sa pitong lider ng Central Luzon tsapter ng PISTON na dinukot ng mga operatiba ng 69th IB at pulisya sa Angeles City, Pampanga noong Hulyo 3, 2006. Pinakawalan ng militar ang mga dinukot maliban kay Lipio. Isinailalim siya sa matinding pisikal at sikolohikal na tortyur.

Lalong hindi kapani-paniwala ang iskrip ng AFP nang palabasin nilang inutusan diumano si Lipio ng isang Delfin de Guzman, lider

dumano ng PKP sa Bulacan, na manmanan si Burgos.

Ang totoo, ang tinutukoy na si de Guzman ay dinukot ng mga ahente ng militar sa kanyang bahay sa Barangay San Mateo, Norzagaray, Bulacan at nakakulong mula pa noong Mayo 11, 2006.

Mula't sapul ay walang koneksyon si de Guzman sa BHB. Isa siyang pangkaraniwang magsasaka na dinukot upang gamitin sanang "testigo" para kilanlin noon si Philip Limjoco bilang kumander ng BHB. Hindi ito natuloy nang itanggi ng militar na hawak nila si Limjoco. Si Limjoco, istap ng National Democratic Front, ay dinukot ng AFP sa Pangasinan noong Hunyo 2006.

AB

Araw ng mga desaparecido

Ginunita ng mga pamilya at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang Pandaigdigang Araw ng mga Desaparecido sa isang martsa para sa mga biktima ng pagdukot noong Agosto 30. Nanawagan sila sa Korte Suprema na tulungan sila upang pwersahin ang rehimeng Arroyo na itigil na ang pampulitikang pamamaslang at pagdukot sa bansa.

Pinangunahan ng Desaparecidos, Karapatan, Free Jonas Burgos Movement at iba pang organisasyon ang martsa patungong Quiapo, Maynila. Nag-suot sila ng itim na damit at nagdala ng mga larawan ng kanilang mga nawawala at pinaslang na mga kamag-anak at kaibigan. Nag-alay din sila ng mga bulaklak at kandila para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao.

Ayon sa Karapatan, umaabot na sa 184 ang dinukot sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Ilan lamang dito sina Jonas Burgos (Abril 28), Luisa Posa-Dominado at Nilo Arado (Abril 12) at Leo Velasco (Pebrero 18). Ang paggunita sa Araw ng Desaparecidos ay sinimulan sa Costa Rica noong 1982 ng Asociacion Centroamericana de Familiares de Detenidos-Desaparecidos (Central American Association of Relatives of the Detained-Disappeared) at ito ay lumaganap sa buong mundo.

Sa kaugnay na balita, umaabot na sa 131 kon-



gresista ang lumalagda sa panukalang batas na isinampa ni Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna, ang "Anti-Enforced Disappearance Act" o HB Bill 2263. Kabilang sa mga probisyon nito ang pagbabawal na gumamit ng anumang "order of battle", upisyal man ito o hindi, para maging batayan sa pagdukot ng isang tao ng mga pulis, militar o anumang ahensyang panseguridad ng guberno. May katulad na panukalang ihinain si Sen. Jinggoy Estrada sa Senado (Senate Bill No. 7).

Samantala, anim na petisyon na ang nakahain sa Korte Suprema laban sa Human Security Act, ang batas na nagbibigay ng ligal na basbas sa malawakang pamamaslang at mga pagdukot ng rehimen sa mga kaaway nito sa pulitika sa ngalan ng "anti-terrorismo."


AB

Hello Garci 2

Hindi na napigilan ng rehimeng Arroyo ang muling pagbubukas ng Senado sa imbestigasyong "Hello Garci." Inaasahang magiging mas malawak at malalim ang muling pagbubukas ng imbestigasyong ito kumpara sa ginawa sa Kongreso noong 2005 at sa Senado noong 2006.

Nagkaroon ng bagong sikad ang imbestigasyong "Hello Garci" nang muling lumitaw si S/Sgt. Vidal Doble, dating ahente ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP). Boses ni Doble ang nasa mga teyp ng "Hello Garci" kung saan inilalahad niya ang petsa at oras nang marekord ang pag-uusap sa pagitan ng dating komisyoner ng Comelec na si Virgilio Garcillano at Gloria Arroyo. Sa pag-uusap na iyon, pinatitiyak ni Arroyo kay Garcillano na lalamang siya nang isang milyong boto.

Noong 2005, umatras si Doble sa pagtayong saksi sa mga imbestigasyon matapos idetine ng AFP ang kanyang pamilya sa Camp Aguinaldo. Sa bagong salaysay ni Doble, inamin niya ang kanyang papel sa "Project Lighthouse", isang operasyong pagmamaman ng ISAFP na tumarget sa mga susing personalidad sa oposisyon at ilan sa administrasyon. Kabilang sa mga ito ang yumaong si Fernando Poe Jr, mga alyado ni dating presidente Joseph Estrada at mga lider ng grupong Magdalo. Tinarget din si Michael Defensor,



noo'y presidential chief of staff at Virgilio Garcillano. Tumakbo ang operasyon mula Setyembre 2003 hanggang Abril 2005.

Ayon kay Doble, kasabwat ng ISAFP ang Smart Telecommunications sa operasyong ito. Nagmula sa Smart ang mga cellphone na naglalaman ng SIM na "kakambal" ng SIM na nasa telepono ng kanilang minamanmanan. Lahat ng usapan na dumadaan sa cellphone ng kanilang minamanmanan ay pumapasok at narerekord sa hawak na cellphone ng ISAFP. Ang mga narekord na usapan ay ipinapasok sa computer at inililipat sa cassette tape o compact disk (CD). Ito ang isinusumite sa mga upisyal ng ISAFP.

Ayon kay Doble, noon pa ma'y tukoy na nila si Garcillano bilang "Gary" sa mga usapan. Laking gulat umano ng kanilang tim nang marinig nila ang boses ni Gloria Arroyo.

Tinangka ng rehimen na harangin ang panibagong imbestigasyon sa pagdadahilang labag daw sa anti-wiretapping law ang pagpapatugtog ng mga teyp na ilegal na ginawa. Nang hindi ito umubra, tahasang inianunsyo ng rehimen na gagamitin nito ang Executive Order 464 upang pagbawalan ang lahat ng mga upisyal ng Malacañang at AFP na tumestigo sa imbestigasyon.

Magsisimula sa Setyembre 7 ang imbestigasyon. **AB**

Maanomalyang kontratang "broadband," nilalabanan

Lu malawak ngayon ang pagtutol sa maanomalyang \$329 milyong kontrata para sa pagtatayo ng tinatawag na National Broadband Network (NBN). Ang kontratang ito ay pinirmahan noong Abril 20 sa Hainan, China ng mga kinatawan ng rehimeng Arroyo at ng ZTE Corporation, isang kumpanyang Chinese. Ang ZTE ay kilala sa buong mundo sa panunuhol sa mga upisyal ng guberno.

Sa ilalim ng kontratang ito, itatayo ng ZTE ang isang sistema ng komunikasyon para sa mga ahensya ng guberno gamit ang mabilis na koneksyon sa internet.

Pinaghahandaan ngayon ng oposisyon sa Kongreso ang pagsasampa ng karampatang kaso laban kay COMELEC Commissioner Benjamin Abalos kaugnay ng kanyang papel bilang tagapamagitan ng ZTE at ng mga upisyal ni Arroyo. Ayon sa mga ulat, si Abalos ay nagtungo sa China noong panahon ng eleksyon bilang pabuya sa kanya ng ZTE.

Nabunyag din kamakailan ang mga panunuhol ng ZTE, na idinaan kay Abalos, sa iba pang mga upisyal ng rehimen at maging sa isang kakumpitensya. May mga ulat na nagbigay ang ZTE ng \$75 milyon

para sa Malakanyang at \$55 milyon para sa isang "tagapamagitan" na nasa COMELEC at nag-ambag pa ng \$68 milyon para sa kampanya ng administrasyon sa eleksyon. Mayroon ding tangkang panunuhol ng P200 milyon kay Romulo Neri, na noo'y kalihim ng Dept. of Socio-Economic Planning. Gayundin, sinubukang suhulan ang anak ni House Speaker Jose de Venecia Jr. na si Joey, kasosyo ng karibal ng ZTE na Amsterdam Holdings, Inc (AHI). Inalok umano siya ng \$10 milyon para huwag nang makikumpitensya sa kontrata.

Nakasampa rin ngayon ang isang petisyon sa Korte Suprema na humihiling na pawalambisa ang kontrata sa pagitan ng gobyernong Arroyo at ng ZTE Corporation. Pinu-

puna ng mga nagpetisyon sa pangunguna ni dating Congressman Rolex Suplico ang proseso ng pagkakabuo ng kontrata na hindi dumaan sa pampublikong *bidding*.

Kinukwestyon din nina Suplico ang naiulat na pagkawala ng pinirmahang kontrata na dahilan kung bakit hindi ito maaaring busisiin ng publiko at mga ahensya ng gubyrerno.

Bukod sa kontratang "*broadband*," 31 pang kontrata sa iba't ibang kumpanyang Chinese ang sinasabing nawawala. Kabilang dito ang Cyber Education Project (CEP) na nagkakahalagang \$460 milyon (o ₱21.7 bilyon). Laman ng CEP ang paglalatag ng katulad na sistema ng komunikasyon sa pagitan naman ng mga upisina ng Department of Education (DepEd) at mga eskwelahan. Kabilang sa iba pang mga kontrata ang kasunduan sa pag-aayos sa Angat Dam na nagkakahalaga ng \$56.18 milyon; pagluluwas ng *tapioca* sa China na nagkakahalaga ng \$30 milyon; at pagluluwas ng manga sa China (\$4.64 milyon).

Pinupuna ng Bayan Muna ang kontratang CEP. Kinukwestyon ni Congressman Teodoro Casiño ang kakayahan ng gubyrerno na panghawakan ang napakalaking proyektong ito, kasama na ang paglalatatag ng pasilidad sa bawat paaralan. Kabilang sa mga pasilidad na ito ang mga telebisyon, *satellite*, mga kompyuter at iba pang gamit sa komunikasyon. Kakailanganin din nitong magtayo ng sariling istasyon ng telebisyon na magpoprodyus ng mga palabas araw-araw na idadaan sa nakatakdang 12 *channel* ng CEP.

Ngunit mas masahol pa rito, hihigupin ng proyekto ang limitadong pondo ng DepEd na mas angkop na gamitin para sa batayang mga pangangailangan ng pampublikong edukasyon. Ayon kay Casiño, kung gagamitin sa kapakinabangan ng publiko ang nakalaang ₱21.7 milyon, makapagpapatayo na ito ng 51,913 bagong klasrum, makapag-eempleyo ng 1,970,000 bagong guro, makabibili ng 434 milyong bagong teksbuk o kaya'y 336 milyong upuan. Maaari rin itong magamit upang mabigyan ng libreng edukasyon sa kolehiyo ang mahigit isang milyong estudyante. AB

Parangal kay Makoto Oda

Pinararangalan ng PKP at buong rebolusyonaryong kilusan si Makoto Oda, bantog na nobelista at manunulat, aktibistang pangkapayapaan at mahigpit na kaibigan ng mamamayang Pilipino. Namatay si Oda, 75, noong Hulyo 30 sa Tokyo, Japan sa sakit na kanser sa tiyan.

Unang nakilala ng mamamayang Pilipino si Oda nang magsilbi siyang hurado sa Unang Sesyon ng Permanent People's Tribunal para sa Pilipinas na ginanap sa Belgium noong 1980. Hinatulan ng PPT noon ang diktadurang Marcos at ang imperyalistang US na nagkasala sa mga krimen laban sa mamamayang Pilipino at idineklara ang National Democratic Front of the Philippines bilang lehitimong kinatawan ng mamamayan.

Muling nagsilbing hurado si Oda sa idinaos na Ikalawang Sesyon ng PPT para sa Pilipinas nitong nagdaang Marso. Hindi niya ininda ang sakit na dala ng kanyang kanser. Walang nakakaalam ng kanyang karamdaman noon.

Walang patid siyang lumahok sa limang araw na masisin-sin at mabibigat na deliberasyon. Masusi niyang pinakinggan ang mga testimonya ng mga pamilya ng biktima ng malalang paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao at ng gerang kontra-terorismo ni George Bush.

Idineklara ng ikalawang sesyon na nagkasala ang rehimeng Arroyo at amo nito na si Bush sa mga krimen laban sa mamamayang Pilipino.

Kahit sa kasagsagan ng kanyang pagkakasakit, dala niya ang pagmamalasakit at pakikiisa sa mamamayang Pilipino. Noong Abril, ipinadala niya sa kanyang mga kaibigan at kapwa mga aktibista ang ulat ng ikalawang sesyon ng PPT sa Pilipinas upang himukin silang bumisita at imbestigahan ang malalalang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa bansa. Aniya, hindi na kaya ng kanyang pangangatawan ang bumyahe at ikagagalak niya kung mayroong iba na makakapagsagawa nito.

Isa si Oda sa tagapagtatag ng Permanent People's Tribunal sa Italy noong 1978. Napili siya dahil sa kanyang mahaba at makasaysayang paglaban sa gerang pananakop ng US sa Vietnam noong dekada 1970 at puspusang pakikipaglaban para sa mga biktima ng kapabayaan, rasismo at iba pang inhustisya sa loob ng Japan. Isa siya sa mga nagtatag at namuno sa Behrein, isang malapad at makapangyarihang kilusang kontra-gera sa Japan. Nitong huli, isa rin siya sa mga tahasang kumundena sa "gera kontra-terorismo" ng rehimeng Bush at sa pananalakay at pananakop nito ngayon sa Iraq. AB



US, nagtatayo ng mga base militar sa Mindanao

NAKATUON ngayon ang gubyernong US sa pagtatatag ng mga base militar sa Mindanao na gagamitin para sa mga operasyon ng Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P).

Ayon sa mga ulat, umaabot sa \$14.4 milyon (o humigit-kumulang ₱650 milyon) ang halaga ng kontrata sa pagitan ng US Naval Facilities Engineering Command (NAVFAC) at ng Global Contingency Services LLC, ng Texas, USA, para magtayo ng mga pasilidad para sa “suportang pang-operasyon” ng JSOTF-P.

Ang JSOTF-P ay isang yunit ng US Special Operations Command (US SOC) na nakabase sa Zamboanga City at iba’t ibang bahagi ng Mindanao. Kabilang ang mga tropa ng JSOTF-P sa mga nagdidirihe at lumalahok sa mga operasyong pangkombat ng AFP sa Basilan at Sulu. Nakatuon ang misyon ng pwersang ito sa “*unconventional warfare*” at “*counter-insurgency*.”

Ang kanilang presensya sa Pilipinas ay kongkre-

tong patunay ng hangad ng US na magkaroon ng permanenteng presensyang militar sa Pilipinas. Ang matagalang presensya rito ng JSOTF-P ay bahagi rin ng estratehiya ng US ng “*forward deployment*” o pagpapakat ng maliliit at makilos na yunit militar upang tiyakin ang presensya ng US sa iba’t ibang panig ng mundo.

Katuwang ng Global Contingency ang DynCorp International, Parsons Global Service at PWC Logistics sa pagbibigay ng “suporta para sa mga pwersang nag-oo-perasyon” at “suporta para sa pagbabase.”

Ang kontrata sa pagtatayo ng mga pasilidad sa Mindanao ay inaasahang matatapos sa Enero 2008. Subalit maaaring may sumunod pa rito dahil mayroong \$450 milyong kontrata ang militar ng US para sa paglalatang ng mga pasilidad para sa operasyon ng US Special Operations Command (US SOC) sa iba’t ibang panig ng mundo.

Mga susing upisyal ni Bush, sunud-sunod na nagbitiw

PATUNAY ng lumalalang pagkakahiwalay ng rehimeng Bush ng US, sunud-sunod na nagbibitiw ang ilang susing upisyal ito.

Pinakahuli sa mga nagbitiw na upisyal si US Attorney General Alberto Gonzales noong Agosto 27. Dalawang linggo bago ito, nagbitiw din si Karl Rove, Deputy Chief of Staff, isang kilalang neo-konserbatibo na matagal nang punong tagapayo ni Bush. Mas maaga pa rito, napilitang magrisayn sina Donald Rumsfeld (Secretary of Defense), Harriet Miers (abogado ni Bush), Michael Brown (pinuno ng Department of Homeland Security) at Dan Bartlett (Communications Director). Inianunsyo na rin ni Tony Snow (Press Secretary) ang kanyang pagbibitiw ngayong Setyembre.

Ang mga pagbibitiw ay matagal nang iginigiit ng mga galit na mamamayan ng US dahil sa maraming

pagkakamali ng mga ito sa pamamahala, mga aktong mapaminsala sa seguridad ng mamamayan at mga malawakang pagyurak sa karapatang-tao.

Si Attorney General Gonzales ay malaon nang binabatikos ng mga tagapagtaguyod ng mga karapatang-sibil at mga senador at kongresista dahil sa pagsuporta niya sa mga patakarang labag sa mga karapatang-tao. Dinedepensahan noon ni Gonzales ang pagtortur sa mga detenido sa Abu Ghraib sa Iraq at Guantanamo Prisons sa Cuba. Iginiit din niya na may karapatan umano ang gubyrno na manmanan ang mamamayan kahit walang kaukulang kautusan ng korte. Isa rin siya sa pangunahing nagtulak ng mapaniil na Patriot Act.

Si Karl Rove naman ay kilalang *political consultant* na matagal na nanilbihan sa mga presidente ng

US gaya ng nakatatandang Bush at kay Ronald Reagan. Naging bantog din siyang tagakampanya ng mga kandidatong Republican sa pagkagubernador at senador. Kabilang siya sa maliit na sirkulo ng mga upisyal ng rehimeng Bush na tinaguri-an nang “White House Iraq Group” mula noong 2002. Ang grupong ito ang nanulsol na atakehin ang Iraq at nagdiin sa pananaw na banta sa seguridad ng US si Saddam Hussein.

Sangkot din si Rove sa pagbibigay ng malalaking kontratang panggubyrno sa mga imperyalistang kumpanyang gaya ng Intel, Enron, Boeing, General Electric at Pfizer.

Bagamat nagbitiw na ang mga upisyal ni Bush, iginigiit pa rin ng mamamayang Amerikano na ipagpatuloy ang mga imbestigasyon hinggil sa mga anomalyang kinasasangkutan ng mga ito.

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 17
Setyembre 7, 2007
www.philippinerevolution.org

Editoryal

Palayain si Kasamang Jose Ma. Sison

Mariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pag-aresto ng pulisyang Dutch kay Kasamang Jose Maria Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP at Senior Political Consultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).


Bastos na nireyd at hinalughog ng pulisyang Dutch noong Agosto 28 ang NDFP International Information Office sa Utrecht, The Netherlands at ang mga tahanan ng mga Sison at iba pang upisyal at istap ng NDFP *peace panel*, nang walang ipinakitang mandam-yento. Winasak ng pulisyang Dutch ang mga pintuan, sapilitang pinasok at sinamsam ang mga kompyuter, dokumento at personal na kagamitan sa nireyd na mga upisina at tahanan.

Hindi ikinakaila ng rehimeng Arroyo ang papel ni to sa likod ng pag-aresto kay Kasamang Sison. Buong-buo ang suportang lohistikal at pampulitika sa mga indibidwal na nagsampa ng kaso. Wala pa mang paglilitis, ipinahayag na ng mga upisyal ni Arroyo na hangad nilang parusahan ng kamatayan si Kasamang Sison.

Si Kasamang Sison ay idinadawit sa kaso ng pagkakapaslang kina Romulo Kintanar at Arturo Tabara noong 2003 at 2004, nang ang mga ito'y lumaban habang inaaresto ng mga tauhan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ayon sa atas ng hukumang bayan sa bansa. Walang batayan ang paratang na iniutos ni Kasamang Sison ang pagpaslang sa dalawa. Ang gayong akusasyon ay hindi papa-

sa sa anumang matinong korte. Dati nang isinampa ang mga kasong ito sa isang korte sa Pilipinas at ipinaloob sa kasong rebelyon, pero ibinasura ng husgado dahil sa kawalan ng batayan.

Mali at malisyoso ang pinalalabas na si Kasamang Sison ay tuwirang responsable sa mga kilos at aktibidad ng BHB. Ang mga Pulang mandirigma ay kumikilos nang naayon sa atas ng liderato ng PKP, kumand ng hukbong bayan at rebolusyonaryong gubyernong bayan na nakabase sa Pilipinas. Hindi ito isang "pribadong hukbo" ni Kasamang Sison, tulad ng nais palabasin ng reaksyunaryong estado.



***Mga tampok
sa isyung ito...***

**Protesta at suporta
para kay Ka Joema**

PAHINA 3

**Baggao: Napanday
sa hirap, sakripisyo
at pakikibaka**

PAHINA 5

Hello Garci 2

PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **pahina 13**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa para-ang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*